BISIG 2015

INSTITUTE OF LABOR AND INDUSTRIAL RELATIONS

# BISIG

2015 Bol. 2



# MANGGAGAWA AT PAGGAWA SA PANAHON NG NEOLIBERALISMO

**BISIG**
Office of the Vice President for Research, Extension, Planning and Development
Institute of Labor and Industrial Relations

**Rimando E. Felicia**
Punong Editor

**Jomar G. Adaya**
Tagapamahalang Editor

**Richardo M. Ramos**
Editoryal na Staff

Lupon ng mga Editor

**Emanuel C. De Guzman, PhD**
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

**Manuel M. Muhi, PhD**
Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

**Paul Quintos, MSc**
Ecumenical Institute for Labor Education and Research

**Ramon Guillermo, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**Judy Taguiwalo, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**Epifanio San Juan Jr., PhD**
Philippine Cultural Studies Center, USA

**Nancy Kimuell-Gabriel, PhD**
Unibersidad ng Pilipinas

**David Michael San Juan, PhD**
De La Salle University

Ang BISIG ang natatanging refereed journal sa mga research institute ng PUP na nasa wikang Filipino na nagtatampok ng mga artikulo o papel pananaliksik hinggil sa kalagayan ng sektor ng paggawa sa Pilipinas na taunang inilalabas ng ILIR-PUP. Pangunahing itinatampok nito ang mga pag-aaral na sumisipat sa mga napapanahong isyu hinggil sa kalagayan ng manggagawang Pilipino. Karaniwang nakatuon ang mga paksa sa mga usapin tulad ng unyonismo, globalisasyon, neoliberal na polisiya, kilusang panlipunan, karapatan at kalagayan ng manggagawa, at iba pang katulad na ang perspektiba'y maaaring nakasandig sa multi/interdisiplinaryong lapit.

Dumadaan sa proseso ng *double-blind peer review* ang mga artikulo. Ang isusumiteng artikulo ay nararapat na orihinal at hindi pa nailalathala at nasa wikang Filipino. Sakaling nasa ibang wika, marapat na isalin ito sa Filipino at tanging ang salin ang ilalathala. Maaari itong bahagi ng tesis, disertasyon, mga tala, rebyu, komentaryo o papel na natalakay sa seminar o kumperensiya, at iba pang katulad. Kompyuterisado (MS Word doc.), doble-espasyo, Arial ang font na 12 ang puntos, at 20-30 na pahina na may lakip na 200-300 salitang abstrak (may salin sa Ingles) at susing salita na hindi lalagpas ng apat. Estilong APA 6th edition ang gagamiting dokumentasyon. Kalakip ng isusumiteng artikulo ang hindi lalagpas sa sampung pangungusap na bionote o tungkol sa awtor.

Maaaring isumite ang papel sa bisigilirpup@gmail.com o sa ilir@pup.edu.ph. Para sa mga katanungan, tumawag lamang sa numerong 3351787 local 304 o kaya ay magtungo sa tanggapan ng ILIR-PUP sa 418 South Wing, PUP Mabini Campus, Anonas St, Sta. Mesa, Manila.

# BISIG

Surian sa Paggawa at Relasyong Pang-industriya

**BISIG**
Karapatang-ari © 2015 Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

Maaaring sipiin ang alinmang bahagi ng journal para sa ikasusulong ng interes at mithiin ng mga anakpawis at mamamayan. Kailangan lamang ng angkop na pagkilala sa naglathala o sa mga may-akda.

Inilathala ng Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

2015 Bolyum 2

ISSN: 2467-6330

**Paliwanag sa Pabalat (Cover)**

Ang sining-biswal na ginamit sa isyung ito ng Bisig ay ambag ng kilalang artista ng bayan at ng uring manggagawa na si Leonilo “Neil” Doloricon. Pinamagatang “Globalisasyon” ang sining-biswal na nasa pabalat sa harap,samantalang “Tagapaglikha” naman ang nasa pabalat sa likod.

## Paunang Salita

Mahigit tatlong dekada ng paghambalos ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon (LPD o Lapida kung tawagin ng mga manggagawa). Paano nga'y matinding hagupit ang inabot ng manggagawa at mamamayan sa epekto ng mga patakarang ito ng globalisasyon. Naghalinhinan ang mga administrasyon sa gubyerno subalit nanatili at lalo pa ngang sumisidhi habang lumalaon ang pagpapatupad sa mga patakarang ito sa anyo ng mga batas, polisiya at programa ng mga ahensya at iba pang instrumento ng paghahari ng gubyerno.

Lalo pang tumindi ang krisis ng lipunang Pilipino. Sa kabila ng mga palamuti ng demokrasya, hindi mapapasubalian kahit kulapulan ng mapanlinlang na datos ang malubhang pagsadsad ng ekonomya ng bansa at ang matinding paghihikahos ng nakararaming mamamayan. Lumalago ang ekonomya subalit nauubos ang mga regular na trabaho, ibayong miserable ang pamumuhay ng maralita, lalong nawawalan ng lupa ang magsasaka at nasasaid ang yaman ng bansa dahil sa pagsidhi ng pangungulimbat ng mga dayuhan at malalaking kapitalista sa ating bayang sinta.

Sa kabila nito, walang palatandaang mahihinto ang mga patakarang ito. Patuloy pa ring nakatuon sa eksport, umaasa sa import at nakasandig sa dayuhang kapital at pautang ang istratehiya ng ating ekonomya. Sa kabila ng mga nagdudumilat na mga patunay, datos, anekdota, halimbawa, kwento at pag-aaral sa nakasisirang epekto nito sa ekonomya at kabuhayan ng bayan, ito pa rin ang isinusulong ng gubyerno. Tila hindi pa sapat ang tatlumpung taon ng pagkaduhagi ng ating bayan sa direktang epekto ng globalisasyong neoliberal.

Sa isyung ito ng Bisig, inilalarawan ng mga akda ang iba't ibang mukha at epekto ng globalisasyong neoliberal mula sa wika, produksyon, media, relasyong industriyal at sa iba pang aspeto ng lipunan. Layon ng isyung ito na umambag sa patuloy na pag-unawa sa globalisasyong neoliberal sa layuning hanapin ang landas tungo sa pagkakamit ng malaya at masaganang lipunan.

Sa bandang huli, walang susulingan ang mamamayan kundi ang kanilang sariling lakas. Sa kanilang sama-samang lakas matatagpuan ang tunay na kapangyarihang magbago ng lipunan. Subalit magagawa lamang ito ng mulat, organisado at determinadong mamamayan kasama ang mga istudyante, manggagawa, magsasaka at iba pang pwersang naghahangad ng tunay at makabuluhang pagbabago sa lipunan. At tapat sa aming panata --- ang Bisig ay lalaging bisig ng manggagawa at mamamayan!

**Prof. Rimando E. Felicia**
**Editor**

## Mga Nilalaman

**Introduksyon**

**Para sa Negosyo o Kalayaan? Pagsipat sa Dayuhang Pagmamay-ari at Kalagayan ng Manggagawa sa Media**
Dennis Espada **1**

**Panimulang Dalumat sa mga Tula ng mga Magkokopra sa Bondoc Peninsula Tungo sa Pagsiyasat sa Panlipunang Kaakuhan**
Romeo Peña **23**

**Pangangapital sa Wika sa Espasyo ng Kolonyal na Moda ng Produksyon sa Pilipinas**
Jomar Adaya **37**

**Balanseng Paggugrupo ng Trabaho: Ang Bisyon ng Parecon ni Michael Albert**
U Eliserio **61**

**Kontra-Modernidad: Ilang Mungkahi sa Pagbabagong Radikal ng Lipunan**
Epifanio San Juan Jr. **79**

**Neoliberalismo at ang Kilusang Paggawa sa Pilipinas: Epekto at Pakikibaka**
Daisy Arago, Salin ni RE Felicia **89**

**Mga Kontribyutor** **125**

E. SAN JUAN, JR.

# Kontra-Modernidad: Ilang Mungkahi sa Pagbabagong Radikal ng Lipunan[1]

*Salungat at tahasang lihis sa Kanluraning tipo ng modernidad, ang alternatibong uri ng pakamakabago sa Pilipinas ay natatangi. Dahilan nito ang kolonyal/neokolonyal na estruktura ng pormasyong sosyal. Kasanib ng ating pakikibaka para sa pambansang demokrasya at kasarinlan ang pagka-modernidad ng bansa. Isang hibla ng kontemporaryong daloy ay nagbubuhat sa siglang popular-nasyonal na masisipat sa panitikang bernakular. Sa tatlong dekada ng siglong nakaraan, maibabalangkas ang trajektori ng imahinasyong makabansa't makamasa, mula sa obra nina Jose Corazon de Jesus, Benigno Ramos, Amado Hernandez at Carlos Bulosan. Sa diyalektikong ugnayan ng pesanteng radikalismong naghahangad ng mala-utopikong lipunan at realismo ng proletaryong diwa, bumubukadkad ang isang demokratikong kulturang mababansagang kontra-modernidad. Tinutuhog nito ang sakripisyo ng mga bayani ng rebolusyon laban sa kolonyalismong Espanyol at ang pagsisikap ng mga intelektuwal ng unang hati ng ika-19 dantaon na itakwil ang komoditi-petisismo ng kapitalistang pamumuhay na ipinataw ng Estados Unidos. Layunin ng kontra-modernidad ang magtaguyod ng isang rebolusyong magbabago sa imperyalistang orden at magpapalaganap ng makataong katarungan, pagkakapantay-pantay, at kasaganaan para sa lahat.*

**Mga susing salita:** *rebolusyon, kontra-modernidad, imperyalismo, kolonyalismo, kapitalismo, uri, pambansang demokrasya*

*Walang mang-aapi kung walang nagpapaapi…"—Jose Rizal*

*Walang himagsikang nabibigo. Bawat isa ay hakbang sa wastong direksiyon….—Salud Algabre, lider ng Sakdalista*

Sa malas, ang kinikilalang tanda at katibayan ng pagkamodernidad natin ay non-stop shopping, konsumerismo, malling, walang patid na aliwan sa mararangyang hotel, restoran, turistang watering-hole, pagkagumon sa

1 Ang papel na ito ay bahagi ng lekturang propesoryal na ginanap sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas

pamilihan at kalakalan, teknolohiya, eksibisyon ng makabagong sasakyan, mansiyon, atbp-- Ito ang bantog na senyas o sintomas ng modernidad natin. O sa tiyak na kataga, modernisasyon.

Isakonteksto natin ang mga signs na ito, mapapansin na ito'y mga palatandaan ng Kanlurang sibilisasyon, sa iba't ibang antas. Matatarok na ito ri'y nagsisilbing mga sagisag ng ating kolonisasyon at neokolonisasyong umiiral, pagkaraan ng ilang dantaon sa ilalim ng Espanya at mahigit isang siglo sa kapangyarihan ng Estados Unidos. Malalim at malawak ang bakas at bakat ng kolektibong karanasang iyon sa ating katawan at kaluluwa.

Gayunman, lahat ng bagay sa mundo ay binubuo ng nagsasalubungang pwersang magkatunggali. Lahat ng pangyayari sa ating buhay ay hitik ng sapin-saping kontradiksiyon. Kaya taglay din ng ating pagkakakulong sa ating nakalipas, at pag-igkas doon, ng ating pagkabihag sa komoditi-fetisismo, ng kapitalismong global, ang kasalungat noon.

**Pagdulog sa Suliranin**

Masisilip sa lipunang nahahati sa mga uring nagtatagisan ang puwersang kontra-modernidad. Kinakatawan iyon ng masang bumabalikwas at naghahangad ng paglaya, kasarinlan, hustisya, pagkakapantay-pantay, dignidad, makataong pamumuhay.

Ang daluyang kontra-modernidad ay hindi konserbatibong pagbabalik sa pasyon, patriyarkong awtoridad, awtoritaryanismo ng simbahan at lumang kaugalian. Iyon ay bahagi ng prosesong pasulong. Bagamat ang seremonya ng sakripisyo, ang yugto ng "sacrifice" (na tinagurian ni Jacques Attali, sa kaniyang librong *Noise,* na marka ng panahon ng mga tribu at piyudalismo) ay di pa lubos na pumapanaw, at sa ngayon, nalalapian na ito ng yugto ng burgesyang representasyon at repetisyon. Sumisingit ang salapi, komoditi, alyenasyon ng kapwa sa kapwa-tao, reipikasyon.

Nagkasabay-sabay ang magkakaibang yugto ng kasaysayan (komunal, piyudal, kapitalismo) sa ating lipunan. Kalangkap ng gawing piyudal

ang bahid ng burgesyang pananaw, ugali, saloobin, indibidwalistikong asal at hilig. Ang modernidad natin, sa gayun, ay haluan. Namihasa na tayo sa kompetisyong makasarili, branding, monologo, akumulasyon ng simulakra't sagisag bilang kapital na pagtutubuan.

Bukod sa magkakatulad na bilihin, estilong kilos, lasa, sabak na rin tayo sa pag-imbak ng imahen, ari-arian, mapagkunwaring performance--sagisag ng post-modernong ayos ng kabihasnan sa panahon ng neoliberlismong orden. Bumagsak ang Wall Street noong 2008 sa pagbebenta ng ilusyon, pangarap, inimbentong paniniwala. Ito ang ideolohiya ng burgesyang progreso sa pagkakamal ng tubo na hindi mapapakinabangan.

Maikli ang panahong inilaan sa akin dito, kaya lalagumin ko sa ilang tesis ang laman ng panayam ko. Ituring ninyong ito'y mga susog o kuro-kurong pagbabakasakali ng isang petiburgesyang intelektwal na sumasanib sa nagkakaisang-hanay ng pambansang demokratikong kilusan sa kasalukuyang antas ng pakikibaka.

**Pagsubok na Pagsisiyasat**

Pambungad kong paalala na sa buong Asya, tayo ay namumukod sa paglunsad ng kauna-unahang rebolusyon laban sa kolonyalismong Kanluran. Tayo rin ang nagkaroon ng "First Vietnam"--mahigit 1.4 milyong Filipino ang pinaslang ng "Manifest Destiny" & "Benevolent Assimilation" ng Amerika sa Digmaang Filipino-Amerika (1899-1913).

Ang unang handog o regalo ng modernisasyon ay "hamletting," talaan ng census ng mga tulisan, edukasyong publiko (gamit ang Ingles bilang sandata sa pasipikasyon), pagtatag ng mga institusyong lilipon ng estadistika gaya ng hospital, bilangguan, serbisyo sibil, halalan ng mga upisyal sa gobyerno, at iba't ibang paraan ng surveillance at pagdisiplina sa katawan ng mga subalternong ahensiya ng imperyalismo. Tinawag itong "biopower" ni Foucault, na kakawing ng pagnakaw sa surplus-value/profit na likha ng lakas-paggawa ng proletaryo't ordinaryong mamamayan.

Mula noong dumating ang mga Thomasites at pagpataw ng 1909 Payne-Aldrich Act sa kolonya hanggang sa Komonwelt, diktaduryang Marcos at hanggang sa kasalukuyan, dumaan tayo sa modernisasyong ipinataw ng Estados Unidos. Iyon ay iniaangkop sa kondisyong lokal ng mga alipores-oligarkiyang katutubo na hanggang ngayon ay sumusuhay sa kasalukuyang pagkawalang-katarungan at kahirapan ng nakararami.

Paano natin makakamit ang ating natatanging modernidad na magsasakatuparan sa masidhing hangarin ng sambayanang magtamasa ng kasarinlan at malayang pamamahala sa kanilang buhay at kapaligiran?

**Balangkas ng Panukala**

TESIS 1: Ang sukatan ng modernidad ay nakasalig sa paglikha ng halaga (exchange-value) sa pamilihan. Sa tagumpay ng burgesya noong rebolusyong Pranses at "Glorious Revolution" sa Inglatera, nalusaw ang ordeng piyudal. Nagamit ang Kristyanong ideolohiya sa pagtatag ng industrialisadong kapitalismo. Ito ang baseng materyal ng "modernisasyon" na ginamit sa kolonisasyon ng mga lupaing sinakop, tulad ng Pilipinas.

Kinublihan iyon ng rasismo, ang superyoridad ng Kanlurang mananakop, binansagang demokrasya at makasiyentipikong liberalismo (hango sa pilosopiya nina John Locke & John Stuart Mill). Sinalungat ito ng makabayang pangitain at demokratikong prinsipyo ng mga Propagandista at Katipunan ng 1896 Rebolusyon. Inadhika ng mga bayani nating makahulagpos sa indibidwalistikong asal upang mabuo ang isang bansang nagkakaisa't gumagalang sa sariling dangal.

Ito ang yugto ng himagsikang anti-piyudal na sinugpo ng Estados Unidos sa pagpapanatili ng poder at pag-aari ng mga panginoong maylupang ginawang upisyal ng pamunuan, mga burukrata-kapitalistang uri at komprador, na hanggang ngayon ay makapangyarihan at nangangasiwa ng Estadong neokolonyal. Hindi nagtagumpay ang burgesyang pananaw; isiningkaw iyon sa tributaryo o patrimonyal na ordeng pinapatnubayan ng rasistang Estado.

TESIS 2: Balik-tanawin sandali ang kasaysayan. Ang Eurosentrikong modernidad (awtonomiya ng makasariling personahe, teknolohiya, pamilihan ng komoditi, kalakalan) ay sumupling lamang sa kanilang pagsakop, pang-aalipin, at pandarambong sa lupain ng mga katutubong Indyo sa kontinente ng Amerika.

Gayundin ang nangyari sa atin. Ang modernidad natin ay nailuwal sa pagsugpo sa rebolusyonaryong kilusan ng masa. Samakatwid, nakasalang pa hanggang ngayon sa pandayan ng kasalukuyang pakikibaka ang makabuluhang anyo, hugis, kulay, at laman ng ating kontemporaryong kabihasnan.

TESIS 3: Kailangang buuin muli ang naratibo ng ating naputol na kasaysayan. Nagsimula na ito sa mga Propagandista, humantong sa 1896 Rebolusyon, at masasalamin sa mga panitik ng una't pangalawang dekada ng siglo 20. Maingat at maselan ang pagkilatis nina Rizal, Bonifacio, Mabini, Isabelo de los Reyes, atbp. sa tradisyong minana upang mapili roon ang mabuti sa habi ng mga kontradiksiyong nakapaloob doon upang magamit sa mobilisasyon ng mga pesante, manggagawa at nakararaming katutubo. Makikita iyon sa mga dulang "seditious" nina Aurelio Tolentino, Juan Abad, atbp. gayundin sa mga nobela nina Lope K. Santos, Faustino Aguilar, Inigo Regalado, Lazaro Francisco, atbp.

TESIS 4: Noong dekada ika-1920 at ika-1930-1941, naipahayag nina Jose Corazon de Jesus, Benigno Ramos, Amado V. Hernandez, Brigido Batungbakal, Carlos Bulosan, atbp. ang simbuyo't dalumat ng mga insureksiyon ng Colorum at Sakdalista. Nabigyan-tinig ng mga manunulat sa katutubong wika ang hinaing at hangarin ng sambayanan. Hinugot sa praktika ng mga unyon, partido Komunista't Sakdalista, sektaryong pangkat, atbp. ang mga talinghaga, salita, himig, tunguhin, ng kanilang sining.

Malikhaing naiangkop ang realistikong paraan ng pelikula, ang teknik ng montage, sa mga kuwento't tula. Mabisa ang tagos ng mga pangyayaring pagtutol sa Estados Unidos sa mga makata't manlilikha, pati na sa kritika nina Salvador Lopez, Manuel Arguilla, Arturo Rotor, Teodoro

Agoncillo, Amado V. Hernandez at Carlos Bulosan sa organisasyong Philippine Writers League.

Masusulyapan din ang impluwensiya ng praktikang etiko-politikal ng mga unyon at kalipunang radikal sa mga popular na awit ng magbubukid, na masusing iniulat ni Propesor Teresita Gimenez-Maceda sa kanyang *Mga Tinig Mula Sa Ibaba.* Puna ni Maceda na nasidlan ang nasyonalistikong porma ng awit ng simulaing unibersal ng sosyalistang plataporma, nakasentro sa mithiin ng proletaryong uri na matamo ang katubusan ng buong sangkatauhan sa pagpapalaya niya mula sa tirano ng kapitalista.

Samakatwid, sumalupa ang utopikong panaginip, nagkatawang-lupa ang pangarap at kolektibong pagsikhay na matamo ang maluwalhating kinabukasan.

TESIS 5. Naibunsod ang hegemonya o gahum ng anakpawis sa pangitaing moral-intelektuwal ng mga manunulat sa bernakular, sa Tagalog at iba pang katutubong wika. Ang awtentikong modernidad ng sambayanang umaalsa't naghihimagsik, nagsisikap tumakas sa pagkaduhagi ng komoditi-petisismo, at makapagtaguyod ng mapagpalayang diwa't damdamin, ay masasaksihan sa mga nabanggit na likhang-sining.

**Agenda sa Pagbubukang-liwayway**

Sa pagtalakay sa paksa ng kung anong uri ng modernidad mayroon tayo, angkop lamang na pag-aralan ang dalawang katangiang nagsalikop sa kulturang kontra-modernidad: ang diyalektikang pagtutugma ng pagkarealistiko't pagkapopular ng akda. Madaling matarok ang dimensiyong popular ng likhang-sining: madaling mawatasan, kongkretong detalyeng nailarawan na batid ng marami, ibinubunyag ang sanhi ng mga pangyayari, at ipinapakita ang dominanteng pananaw ng mga naghahari, kalakip ang pagtutol ng mayorya. Isinisiwalat, sa gayon, ang mga kontradiksiyong nagpapagalaw sa politika at ekonomiya ng lipunan.

Bukod sa paglagom sa aktuwalidad, sa realistikong paraan ng diskurso, kailangan din ng kulturang kontra-modernidad ang pagpapakita

ng potensiyalidad ng mga pangyayari sa hinaharap. Ito ang propetikang tendensiya ng alegoriko't didaktikong estilo ng ilang makata at mandudula.

Marahil, kailangan pang subukin at linangin ang asignaturang ito. Nakaugnay rito ang pagsusuri sa punto-de-bista ng uring taglay ang pinakamasaklaw na kalutasan sa mga mapanganib na suliraning humahamon at pumipinsala sa bayan. Kailangan ding ipagdiinan ang dinamikong pagsulong ng lipunan, ang pagpupunyagi ng madlang igiit ang pinakaprogresibong paninindigan upang maisapraktika nito ang liderato ng pamahalaan.

Sa bagay na ito, dapat iangkop ang lumang tradisyon sa kasalukuyan upang maintindhan ang radikal na potensiyal o tendensiya ng mga ito. Tinutukoy ko ang anti-modernistang kilusang katutubo mula kina Hermano Pule at mga nagtatag ng mga grupong Ciudad Mistica, Tres Personas Solo Diyos, Watawat ng Lahi, at iba pang makabayang milenaryong sekta.

Nagsalabid ang mga hibla ng mga pangkalahatang kontradiksiyon upang bumuo ng bagong habi ng kasaysayan sa partikular na pook ng ating kapuluan. Kasabay rito ang paglipat ng naisakatuparang kagalingan ng kabihasnan sa mga pangkat na nagsisikap gumabay sa pagsulong ng buong bansa--sa madaling salita, ilipat ang liderato ng lipunan sa uring manggagawa't magbubukid at kanilang organikong intelektuwal na siyang susi sa kaunlaran at pagsasangkapan ng tunay na kasarinlan. Kung walang rebolusyonaryong teorya, wala ring rebolusyonaryong praktika—isang matandang kawikaan.

**Pahiwatig Mula sa Gubat**

Sinumang mangangahas mag-ulat tungkol sa sitwasyon ng mabilis na pagbabago sa ating lipunan ay sadyang nakikipagsapalaran. Nakatindig siya sa gitna ng agos ng mga pangyayaring dumarating habang nagsisikap ilarawan ang kanyang nakaraan. Produkto ng panahon at lunan, ang kamalayan niya'y nakasalalay sa sapin-saping dagsa ng mga aksyon, polemika, diskurso, mabangis na tunggalian ng iba't ibang lakas.

Kaya anumang bunga ng pagsisiyasat, pagsasaliksik sa kasaysayan, pagkukuro't paghuhusga ng mga puwersang naglalaban, ay pangsumandali't bukas sa pagkakataon ng pag-iiba't pagbabago.

Lumilitaw, samakatwid, na ang kaisipan hinggil sa modernidad ng ating bansa ay nakasalang sa masalimuot na naratibo ng ating kasaysayan bilang bansang namumukod sa ibang bansa, taglay ang sariling katangiang katutubo't sariling tadhana. Unibersal na hangarin, batay sa partikular na sitwasyon at singularidad na pagkatao.

Ngunit mayroon na ba tayong napagkasunduang naratibo ng ating pagsasarili? Mayroon na ba tayong sariling pagtaya't gahum tungkol sa uri ng ating kolektibong karanasan ngayon, noong nakalipas na mga siglo, at hinuha ng kinabukasan? Hiram lang ba sa Kanluran—sa Espanya at Estados Unidos—ang ating pananaw at sensibilidad tungkol sa ating pagkatao bilang bayang may natatanging nakalipas at natatanging paroroonan?

Sa pakiwari ko, ang kulturang modernidad ng Pilipinas ay hindi isang paralisadong ideya kundi isang proseso, isang nililikhang gawain na nakaangkla sa nakalipas na karanasan na siyang ugat at binhi ng niyayaring istruktura ng bagong mapagpalayang kaayusan. Hindi utopya kundi relasyong panlipunan ang bukal nito, kung saan ang kaganapan ng isang indibidwal ay nakasalig sa kasaganaan at kalayaan ng lahat. Diyalektikal ang pagsiping, pagladlad at paggulong ng mga sapin-saping panig ng kontradiksiyon.

Masisipat na ang tema ng modernidad ay sadyang historikal at may oryentasyong pangmadla. Salungat sa indibidwalistikong saloobing umuugit sa ordeng liberal/neoliberal ng kapitalismong pampinansiyal, ang modernidad ng isang bayang nagsisikap makahulagpos sa minanang kolonisadong mentalidad at praktika ay katambal ng proyektong liberasyong pambansa.

Kalahok ito ng nasyonalista't demokratikong pag-aalsa laban sa imperyalismong negasyon ng ating sariling pagkatao't dignidad. Samakatwid, magkatalik ang kultura at politika ng kontra-modernidad na katumbas ng ating rebolusyonaryong tradisyon.

**Pansamantalang Pahimakas**

Isang nakapupukaw na testimonyo sa proyektong ito ang tulang "If You Want to Know What We Are," na kalakip sa *Literature Under the Commonwealth*, na pinamatnugutan nina Federico Mangahas, Manuel Arguilla, Teodoro Agoncillo, atbp. bago sumiklab ang WWII.

Sinisipi ko ang bahaging sumasaksi sa panahon ng pagkamakabago na katambal ng mapanlikhang bayanihan ng mga anakpawis, na tahasang sumasagisag sa masiglang kalikasan ng mapagpalayang kontra-modernidad. Halimbawa ito ng pangkaming pananaw, na komunikasyon ng tayong kumakausap sa kanila, diyalogong ngangayunin, tandisang kontemporaryo:

Kami ang mga nagpapakasakit na nagdurusa para sa likas
na pagmamahal ng tao sa kapwa, na gumugunita
sa pagkatao ng bawat nilalang; kami ang
mga manggagawang nagpapagod
upang ang tigang na sangkapulaa'y maging isang pook ng
kasaganaan,
na nagpapabagong-anyo sa kasaganaan
upang maging halimuyak na walang kamatayan.

Kami ang pita ng mga di-kilalang tao kahit saan,
na nagpupunla ng yaman sa kaningningan ng
malawak na daigdig kami ang bagong diwa
at ang bagong saligan, ang bagong pagsasaluntian ng
kaisipan;
kami ang bagong pag-asa bagong kagalakan kahit saan.

Kami ang pangarap at ang bituin, ang nagpapahupa ng dusa;
kami ang hangganan ng pagsisiyasat, ang simula
ng bagong kilusan; kami ang lihim ng landas
ng pagdurusa; kami ang mithiin ng kadakilaan;
kami ang buhay ng katibayan ng isang sumisibol na lipi.

Kung nais ninyong mabatid kung sino kami—

KAMI ANG REBOLUSYON! —##

## Mga Kontribyutor

Si **Dennis Espada** ay isang makata, manunulat at mamamahayag. Siya'y mag-aaral ng Komunikasyon sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas (PUP) Graduate School at fellow sa tula ng Palihang Rogelio Sicat sa ilalim ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Siya'y faculty member sa Kolehiyo ng Sining at Agham sa Pamantasan ng Lungsod ng Muntinlupa.

Nagtuturo ng wika, panitikan at pananaliksik sa Kagawaran ng Filipinolohiya ng PUP si **Jomar Adaya**. Nagtapos din sa nabanggit na unibersidad ng AB Filipinolohiya at MA Filipino, at kasalukuyang kumukuha ng PhD in Philippine Studies sa UP Diliman. Kasalukuyan siyang Hepe ng Center for Labor Research and Publications sa ilalim ng ILIR-PUP.

Si **U Eliserio** ay nagtuturo ng popular na kultura sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP Diliman. Awtor siya ng *Kami sa Lahat ng Mataba* (UST, 2016), koleksyon ng kritisismo. Natanghal na ang kanyang mga dula sa UP, Miriam College, at Cultural Center of the Philippines. Nagsusulat din siya ng maikling kuwento.

Kasalukuyang kumukuha si **Romeo Peña** ng PhD in Philippine Studies sa UP Diliman at dito rin nagtapos ng MA Filipino: Malikhaing Pagsulat. Nagtapos siya ng AB Filipinolohiya sa PUP at dito rin nagtuturo ng wika, panitikan, malikhaing pagsulat, at pananaliksik. Kasalukuyan siyang Hepe ng Center for Social History sa PUP.

**E. SAN JUAN, JR,** professorial lecturer sa Polytechnic University of the Philippines, ay emeritus professor ng English, Comparative Literature & Ethnic Studies sa ilang unibersidad sa U.S. Ilang bagong libro niya: Lupang Hinirang, Lupang Tinubuan (De la Salle U Press); Ambil (Philippines Studies Center); Between Empire and Insurgency (U.P. Press); Learning from the Filipino Diaspora (UST Press); Filipinas Everywhere (Sussex Academic

Press); Wala (PUP Press), at ang nakasalang na bagong libro: Carlos Bulosan (New York, Peter Lang)

Si **Daisy Arago** ay kasalukuyang Executive Director ng Center for Trade Union and Human Rights. Organisador, edukador at mananaliksik sa kilusang paggawa sa Pilipinas at maging sa ibayong dagat. Kamakailan, pinangunahan ni Ka Daisy ang pananaliksik sa mga batang manggagawa sa plantasyon sa Mindanao na inilimbag sa aklat na Children of the Sunshine Industry: Child Labor and Workers Situation in Oil Palm Plantations in CARAGA.

Titser at habambuhay na istudyante sa sosyolohiya, ekomomiks, at pagpapaunlad pampamayanan si **RE Felicia**. Nagtapos ng Masterado sa Pagpapaunlad ng Pamayanan sa University of the Philippines (UP), at Economics sa University of the East (UE). Bukod sa ILIR-PUP, bahagi din siya ng iba't ibang institusyong pangmanggagawa tulad ng Ecumenical Institute of Labor Education and Research (EILER), at Defend Job Philippines. Napapanood siya bilang Ka Mando sa serye ng mga educational video ng Kwentong Obrero. Sa likod ng kamera, si Sir Mandy ay may kinalaman sa mga dokumentaryong tulad ng Kwadradong Daigdig (tungkol sa globalisasyon), Lupa ay Laya (kasaysayan ng kilusang magsasaka sa Pilipinas), at Proletaryado (kasaysayan ng kilusang manggagawa sa Pilipinas).

Kilalang artista ng bayan at ng uring mangagawa, at dating Dekano ng College of Fine Arts, Unibersidad ng Pilipinas, si **Leonilo "Ka Neil" Doloricon**. Bukod sa pagiging lider-akademiko, pinanday ang sining ni Ka Neil ng mayaman at mahabang karanasan bilang organisador, edukador at lider-manggagawa.

Bahagi ng

epistemikong komunidad ng PUP,

ang Surian sa Paggawa

at Relasyong Pang-industriya (ILIR)

ay nagsisilbing

**saliksikan,**

**ugnayan,**

**daluyan,**

**sanayan,**

**suportang serbisyo**

**at**

**adbokasiya**


upang maging ambag ng PUP

sa pagbubuo ng maunlad,

masagana at nagsasarili ng ekonomya at lipunan

sa pamamagitan ng produktibo at mulat na paggawa.

ILIR
INSTITUTE OF LABOR AND INDUSTRIAL RELATIONS



POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES

1904